**Distrito ng Onogami**　Kalendaryo ng koleksyon ng Basura一　Mula April 1, 2026 hanggang March 31, 2027

## ① Basurang Sinusunog Araw ng pagtapon (Dalawang (2) beses lamang sa isang linggo)

| Lugar/Distrito | Araw ng koleksyon ng basura |
|---|---|
| Buong Distrito ng Onogami<br>（Walang koleksyon ng basura mula December 29 hanggang January 3） | Lunes、 Biyernes |

## ② Hindi sinusunog na basura　Araw ng pagtapon (Dalawang (2)beses lamang sa isang buwan）

| Lugar/ Distrito | April | May | June | July | August | September | October | November | December | January | February | March |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Buong Distrito ng Onogami | 14<br>28 | 12<br>26 | 9<br>23 | 14<br>28 | 11<br>25 | 8<br>22 | 13<br>27 | 10<br>24 | 8<br>22 | 12<br>26 | 9<br>23 | 9<br>23 |

## ③Plastik -、④ PET bottle・ Babasaging bote Araw ng pagtapon (Dalawang (2)beses lamang sa isang buwan）

（Ang lugar ng pagtatapunan ng plastik ay kapareho ng sa hindi-sinusunog na basura）

| Lugar/ Distrito | April | May | June | July | August | September | October | November | December | January | February | March |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Buong Distrito ng Onogami | 8<br>22 | 13<br>27 | 10<br>24 | 8<br>22 | 12<br>26 | 9<br>23 | 14<br>28 | 11<br>25 | 9<br>23 | 13<br>27 | 10<br>24 | 10<br>24 |

## ⑤ Malaking Basura Araw ng pagtapon (Apat (4) na beses lamang sa isang taon)

| Lugar/Distrito | Lugar ng pagtatapon ng malaking basura | Unang koleksyon | Pangalawang koleksyon | Pangatlong koleksyon | Pang-apat na koleksyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Murakami | Onogami Station (West side) – Municipal Land | May 6 | September 2 | December 2 | March 3 |
| Onoko | Onoko – Life Improvement Center | May 20 | September 16 | December 16 | March 17 |

## Paano paghiwalayin ang basura sa Lungsod ng Shibukawa.

① **Basurang sinusunog**(Ang mga araw ng koleksyon ay dalawang beses lamang sa isang linggo)

② **Basurang hindi sinusunog**(Ang mga araw ng koleksyon ay dalawang beses lamang sa isang buwan.)

③ **Plastik** (Ang mga araw ng koleksiyon ay dalawang beses lamang sa isang buwan.)

④ **Pet Bottle・Babasaging bote**(Ang mga araw ng koleksyon ay dalawang beses lamang sa isang buwan.)

⑤ **Malalaking Basura**(Ang mga araw ng koleksyon ay apat na beses lamang sa isang taon.)

⑥ **Iba pang basura na kinokolekta ng Lungsod ng Shibukawa.**

⑦ **Basura na hindi kinokolekta ng Lungsod ng Shibukawa.**

## Paano itapon ang Basura sa Lungsod ng Shibukawa


- Paghiwalayin ang basurang sinusunog, hindi sinusunog at plastik at ilagay sa mga lalagyan/bag ng basura ng lungsod ng Shibukawa。
- Ang mga basura na hindi kasya sa mga lalagyan/bag ng basura ng lungsod ay dapat lagyan ng sticker para sa malalaking basura.
- Ang mga lalagyan/bag ng basura ng lungsod at mga sticker para sa malalaking basura ay mabibili sa mga supermarket, drugstore, convenience store at iba pang mga tindahan.
- Isulat ang iyong pangalan at ang lugar ng distrito kung saan ka nakatira sa lalagyan/bag ng basura.
- Tingnan ang kalendaryo ng basura para sa mga araw ng koleksyon.
- Sa araw ng kolekyon ng basura, ilagay ang basura sa nakatakdang lugar ng distrito kung saan ka nakatira bago mag-8:30 ng umaga. Hindi maaaring maglabas ng basura sa gabi.
- Hindi maaaring maglabas ng basura sa distrito kung saan hindi ka nakatira.

## ① Basurang sinusunog

Papel



Basurang mula sa kusina



Tela 、Damit



Maduming Plastik



Goma at Balat (Leather)






- Ilagay ang basura sa itinalagang bag para sa sinusunog na basura sa lungsod ng Shibukawa。
- Kapag nagtatapon ng basurang mula sa kusina, siguraduhing linisin at alisin ang labis na tubig at laman。
- Kapag nagtatapon ng mga nalagas na dahon, sanga at kahoy, ang pinapayagang sukat ay hindi lalabis sa haba ng 50 cm,at kapal ng 10 cm. Putulin ang mga mahabang sanga at kahoy sa mas maliliit na piraso.。
- Kapag magtatapon ng kaunti at natirang mantika punasan/ipasipsip ito sa papel o tela bago itapon。
- Kapag nagtapon ng plastik na lighter, alisin ang natitirang gas sa labas ng bahay。

- <u>Ang mga bagay na gawa sa metal o mga babasagin at dapat itapon bilang di-sinusunog na basura</u>。
- <u>Ang malinis na plastik ay dapat itapon bilang plastik na basura</u>。


## ②Basurang hindi sinusunog

| Lata at bakal | Babasagin,salamin, bumbilya at seramika | Dry Battery (baterya) | Electrical Appliance (Kagamitang. de Kuryente) |
|---|---|---|---|













- Ilagay ang basurang hindi sinusunog sa itinalagang lalagyan/bag sa lungsod ng Shibukawa 。
- Ibalot sa papel ang mga babasagin, bombilya at seramika bago itapon。

- Hindi maaraning itapon ang rechargeable na baterya at button na baterya。

**Aerosol Spray**







- Siguraduhin na walang laman ang spray at gas can bago itapon。
- Ilagay lang ang spray can at gas can sa isang supot ng basurang hindi sinusunog ng Lungsod ng Shibukawa, at itapon nang maayos。
- Ang ibang hindi-nasusunog na basura ay kailangang ilagay sa isa pang bag ng basurang hndi sinusunog ng Lungsod ng Shibukawa.
  Kapag pinagsama-sama ito, maaaring maging sanhi ng pagkasunog ang trak ng basura。

# ③ Plastik


| Cup 、Bote | Supot 、 lalagyan/vinyl bag | Styrofoam, lalagyan ng gamot |
|---|---|---|





| Tray, lalagyan (container) | Label, Takip (ng Pet bottle) | Mga bagay na purong plastic, Label, Takip |
|---|---|---|













- Ilagay ang mga basura sa eklusibong bag ng plastik ng lungsod。
- Ang mga bagay na may ganitong simbolo ay gawa sa plastik.
- Hugasan ito ng tubig o punasan ng tisyu upang alisin ang natitirang dumi bago itapon.
- Kapag nagtatapon ng plastik, ang pinakamalaking sukat ay 50 cms. Ang malalaking plastik ay dapat putulin/gupitin sa mas maliliit na piraso.

- Ang maruming plastik ay dapat itapon bilang sinusunog na basura。
- Hindi maaring ilagay ang ibang plastik sa loob ng vinyl bag kapag itinatapon ito. Huwag maglalagay ng kahit ano sa loob ng viny bag, sa halip ay ilagay ang plastic na basura sa itinalagang plastik na bag bago itapon。



# ④PET Bottle・Babasaging (bote)

PET bottle




Itapon ang mga PET Bottle na may ganitong simbolo.




- Banlawan ang loob ng PET bottle gamit ang tubig bago itapon。
- Alisin ang takip at label, itapon ang mga ito sa plastic na basura。
- Itapon ang PET bottle。

Babasagin




- Banlawan ang loob ng bote gamit ang tubig bago itapon。
- Alisin ang takip at itapon ito sa hindi sinusunog na basura.
- Paghiwalayain ang mga bote ayon sa kulay at ilagay sa tamang lalagyan。


  ① Boteng walang kulay → Puting lalagyan


  ② Boteng kulay brown →Dilaw na lalagyan

  ③ Ibang kulay ng bote → Asul na lalagyan


# ⑤Malalaking Basura


| Mesa、Istante 、 Tokador (drawer /chest) 、Salamin | Futon 、Kama、Kutson |
|---|---|






| Malaking kagamitang de kuryente | Bisikleta 、Carpet/Rug 、Ski board atbp. |
|---|---|





- Ang basura na hindi kasya sa itinalagang lalagyan/bag ng basura ng Lungsod ay dapat itapon bilang malaking basura。
- Idikit ang selyo ng malaking basura ng Lungsod ng Shibukawa bago itapon。
- Maaring magtapon ng hanggang anim na <u>malalaking basura</u> sa araw ng koleksyon。




- Paghiwalayin ang sinusunog at hindi sinusunog na basura bago itapon。
- Kapag nagtapon ng **<u>kama</u>** at **<u>kutson</u>**, tanggalin ang mga spring na nasa loob。
- Ang mga air conditioner, telebisyon (TV), refrigerator at washing machine ay hindi maaring itapon。
- Ang mga bagay na may <u>Freon gas</u> ay hindi maaring itapon。

# ⑥ Iba pang basura na kinokolekta ng Lungsod ng Shibukawa.

◆ Maaring itapon ang “basurang kinokolekta” na nakasulat sa talahanayan sa ibaba sa mga lokasyong may markang ●。

| Mga basurang kinokolekta | Mga Lokasyon ng Koleksyon | | |
|---|---|---|---|
| | Oras ng kolekyon: Mula 8:30 AM hanggang 5:15 PM | | Kung mag-aapply ka online, may darating na delivery service sa iyong bahay upang kolektahin ito |
| | ・ City Hall Main Office (Para sa rechargeable na baterya, pakidala ito sa Kagawaran ng Kapaligiran at Kagubatan.) | Ikaho Administrative Center<br>Onogami Administrative Center<br>Komochi Administrative Center<br>Akagi Administrative Center<br>Hokkitsu Administrative Center | |
| Rechargeable na Baterya | ● | × | ● |
| Computer | × | × | ● |
| Maliit na Kagamitang elektrikal | ● | ● | ● |
| Ink cartridge | ● | ● | × |
| Fluorescent Tubes | ● | ● | × |
| Mantika sa Pagluluto/ Cooking oil | ● | ● | × |

Rechargeable na baterya








- Kinokolekta ang mga rechargeable na baterya na may “recycling mark”。
- Ang rechargeable na baterya ay hndi maaring itapon bilang nasusunog na basura。


  Kung itatapon bilang hindi sinusunog na basura,maaring magdulot ito ng sunog sa trak na kumokolekta ng basura。

Computer



- Nakikipagtulungan ang Lungsod ng Shibukawa sa Renet Japan Recycle Co., Ltd. para kolektahin ang mga **computer** at **maliit na gamit na de-kuryente** gamit ang **宅配便 (takuhai-bin)** o door-to-door delivery。
- Maaring mag-apply online。(https://www.renet.jp)
- Ang pinaka malaking sukat ng karton na maaring ipadala sa pamamagitan ng courier ay 140 cm (kabuuang haba + lapad+ taas)。
- Ang pinaka mabigat na timbang ng karton ay 20 kgs。
- **Libre ang 1 kahon** kapag pinagsamang ipadala ang computer at maliit na gamit na de-kuryente。
- Kung maliit na gamit lang ang ipapadala, kailangang magbayad ng **1,848 yen kada kahon** sa Renet Japan Recycle Co., Ltd.。

Maliit na kagamitang elektrikal
(de kuryente)



- Kinokolekta ang maliliit na kagamitang de-kuryente na may baterya o kuryente。
- Kapag magtatapon ng maliit na gamit, dapat hindi lalampas sa 15 cm ang taas at 30 cm ang lapad。
- Ang malalaking gamit na kasya sa supot ng basura ng Lungsod ng Shibukawa ay itapon bilang hindi-nasusunog na basura。


  Ang hindi kasya sa supot ay itapon bilang **malaking basura**。

Ink cartridge



- Kinokolekta ang ink cartridge ng inkjet printer。
- Hindi puwedeng itapon dito ang toner cartridge. Magtanong sa tindahan kung saan ito binili。

## Fluorescent tubes



- Kinokolekta ang mga fluorescent tube。
- Balutin sa papel para hindi mabasag bago itapon。
- Itapon ang basag na fluorescent tube bilang hindi sinusunog na basura。


## Mantikang Pangluto



- Kolektahin ang mantikang ginamit sa pagluluto。
- Ilagay ito sa plastic na bote (PET bottle), takpan, at itapon。
- Hindi tinatanggap ang mantika na nasa boteng babasagin。

# ⑦Basura na hindi kinokolekta ng Lungsod ng Shibukawa

Aircon 、 TV 、 Refrigerator 、 Washing Machine



Sasakyan ・ Piyesa ng sasakyan



Fire Extinguisher 、Gas Cylinder (Gasul) 、Concrete Block (Bloke ng semento) 、Gulong、Motorsiko at iba pa



- Hindi ito maaring itapon sa karaniwang tapunan ng basura。
- Mangyaring magtanong sa tindahan kung saan ninyo ito binili。

**Kung may hindi kayo naiinitidihan tungkol sa pagtatapon ng basura, mangyaring tumawag at magtanong.**

- ◆ Shibukawa City Environmental Division    Phone number:0279-22-2114
- ◆ Ikaho Administrative Center    Phone number:0279-72-3155
- ◆ Onogami Administrative Center    Phone number:0279-59-2111
- ◆ Komochi Administrative Center    Phone number:0279-24-1211
- ◆ Akagi Administrrative Center    Phone number:0279-56-2211
- ◆ Hokkitsu Administrative Center    Phone number:0279-52-2111